



Kung kailangan ang impormasyon na ito sa ibang paraan maaring tawagan si Heather Van Wijk sa **(562) 570-6257** o email sa **heather.vanwijk@longbeach.gov**. Makikita din ang impormasyon na ito sa Espanyol, Khmer o Tagalog sa **www.longbeach.gov**.

Karagdagang impormasyon hinggil sa mga pagsisikap para sa pagsunod sa ADA, at lalo na ang Access Request Program para matugunan ang mga pasilidad o mgareklamo hinggil sa karapatan sa daan at mga hiling mula sa mga tao na may kapansanan sa paggalaw o sa kanilang taga-alaga, ay mahahanap sa:

longbeach.gov/citymanager/ada/

Heather Van Wijk
Citywide Accessibility Coordinator
(562) 570-6257



City of Long Beach Public Works

411 W. Ocean Blvd.
Long Beach, CA 90802

Phone: (562) 570-6383

www.longbeach.gov/pw/



@LBPublicWorks

AMERICANS WITH DISABILITIES ACT (ADA) PROGRAMA NG CURB RAMP

Pamphlet ng Karagdagang Impormasyon sa
ADA curb ramps sa Long Beach.



Ang Americans with Disabilities Act (ADA) ay isang batas ng karapatang sibil na ipinagbabawal ang diskriminasyon sa mga indibidwal na may kapansanan sa lahat ng lugar ng buhay pampubliko para ma-tiyak na sila ay may katumbas na mga karapatan at mga oportunidad tulad ng iba.

Noong 2014, isang kaso ang naisampa na nagpapatang na ang City of Long Beach ay naglalaan ng hindi sapat na daanan para sa mga banketa, tawiran, rampa, at mga daanan, at iba pang mga pasilidad ng mga pedestriyan at mga karapatan sa pagdaan para sa mga indibidwal na may kapansanan. Ang City of Long Beach ay mayroong mandato sa ilalim ng batas at isang ADA Settlement Agreement na magbigay ng pag-access sa buong City sa abot ng kanilang kakayahang magawa. Mahalaga na kilalanin ng mga nangangasiwa ng City ang importansya ng mga obligasyon na ito; ang kabiguan na makamit ang mga pinagkasunduang mga tagubilin ay maaaring humantong sa mas madami pang litigasyon at mga multa

Bilang bahagi ng ADA Settlement Agreement na naabot noong Oktubre 2017:

1) Magpaggawa ng 4,500 na mga curb ramps sa mga lokasyon na wala pa nito bago mag Oktubre 2022 (ang unang 1000 na lokasyon na wala pa nito ay pipiliin ng mga nagsakdal);

2) Ayusin ang 16,000 na mga curb ramps, o gumastos ng \$50 milyon sa mga gawa na, sa mga labag sa patakaran na mga curb ramps simula Oktubre 2022 hanggang Oktubre 2037;

3) Gumastos ng \$125 milyon para sa iba pang mga labag sa patakaran na mga pasilidad ng pedestriyan, maliban sa mga iba pang mga curb ramps, tulad ng mga banketa o mga tawiran bago mag Oktubre 2047.

SAAN KINAKAILANGAN ANG CURB RAMPS?

Kadalasan, ang mga curb ramps ay kinakailangan kung ang banketa ay tatawid sa curb. Ang mga curb ramps ay dapat naisalugar nang ang taong may di kakayahang gumalaw ay makabiyaha ng ligtas mula sa banketa ng isang tabi ng kalye patawid o sa anumang curb, papuntang banketa ng isa pang tabi ng kalye.

BAKIT ANG ISANG PARTIKULAR NA LOKASYON AY PINILI PARA SA CURB RAMP?

Ang ADA Team ng City ay dapat isipin ang maraming mga aspeto para para matukoy ang pinakamabuting lokasyon para maglagay ng mga curb ramp. Ang mga bagay na dapat konsiderahin ay ang mga: banketa na gawa na, kaligtasan, kung ito ay katabi ng mga gusaling ng gobyerno, mga parks, mga paaralan, mga pasilidad ng kalusugan at iba pang mga pasilidad na matao; maraming sasakyan, layo, laki ng kalye, paradahan, mga harang sa daan (tulad ng Utilities, Drainage, matatandang puno, daanan ng bus, mga daanan ng sasakyan atbp.)

BAKIT PULA ANG KULAY NG CURB SA MGA INTERSKESYON?

Ang Seksyon 10.22.060 ng Long Beach Municipal Code ay nagbabawal ng pagparada sa loob ng 20' mula sa tuntungan ng interseksyon at 10' mula alisan ng interseksyon para mapanatili ang sapat na kaluwagan at distansya ng pagtingin para sa kaligtasan.

TINUTURING BANG PUNTO NG PAG-ACCESS ANG ISANG DRIVEWAY?

Hindi, dahil ito'y an naglilikha ng posibleng banggaan ng mga pedestriyan at ng mga sasakyan at hindi nakakamit ang mga pamantayan at mga tagubilin ng curb ramp.

BAKIT NAWALA ANG MGA PAPGPAPAHUSAY NG MGA PARADAHAN AT NG MGA DATING DAANAN NG PARADAHAN?

Epekto ng paradahan at ang pagkawala ng mga dati ng mga pagpapahusay ng mga daanan ng paradahan ay isang konsiderasyon nga ADA Team ng City sa pagtugon sa pinaka-angkop na lokasyon sa paglagay ng curb ramp. Datapwat ang sisikapin ng ADA Team na mabawasan ang mga epekto, sa maraming mga kaso, ito ay hindi maiiwasan para sa pagsunod sa batas sa pagbibigay ng pantay pantay na pag-access.

